Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, talagang mapalalapit nga na bumaba sa inyo ang Anak ni Maria bilang tagahatol na nagpapakamakatarungan para bumasag ng krus, pumatay ng baboy, mag-alis ng jizyah, at mag-umapaw ang yaman hanggang sa walang tumanggap nito na isa man."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, talagang mapalalapit nga na bumaba sa inyo ang Anak ni Maria bilang tagahatol na nagpapakamakatarungan para bumasag ng krus, pumatay ng baboy, mag-alis ng jizyah, at mag-umapaw ang yaman hanggang sa walang tumanggap nito na isa man."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumusumpa ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagkalapit ng pagbaba ni Jesus na anak na Maria (sumakanya ang pangangalaga) upang humatol sa pagitan ng mga tao ayon sa katarungan sa pamamagitan ng Palabatasan ni Muḥammad. Si Jesus ay babasag ng krus na dinadakila ng mga Kristiyano. Si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay papatay ng baboy. Si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay mag-aalis ng jizyah at magdadala sa mga tao sa kalahatan nila sa pagpasok sa Islām. Ang salapi ay mananagana kaya hindi ito tatanggapin ng isa man. Iyon ay dahil sa dami nito, pagkakasya ng bawat isa sa nasa mga kamay niya, pagbaba ng mga pagpapala, at pagsusunuran ng mga kasaganaan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65025